

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG
Huwebes, Disyembre 9, 2021



MAKIPAG-UGNAYAN KAY:
Karina Rivera, Alameda Alliance for Health
1.510.499.3419
krivera@alamedaalliance.org

MGA MIYEMBRO NG LUPON AT STAFF NG ALLIANCE, NAG-DONATE SA PONDO PARA SA PAMANA NI SUPERVISOR WILMA CHAN

Bilang pagkilala sa matagal nang Miyembro ng Lupon at lider sa komunidad na si Supervisor Wilma Chan, nag-donate sa pondo para sa pamana ang Lupon ng Mga Gobernador at Staff ng Alliance sa kanyang ngalan.

Alameda, CA – Binigyang-pugay at ipinagdiwang ng Lupon ng Mga Gobernador at staff ng Alameda Alliance for Health (Alliance) ang natatanging Supervisor na si Wilma Chan ngayong araw sa pamamagitan ng pag-donate ng \$5,000 sa Pondo para sa Pamana ni Supervisor Wilma Chan. Susuportahan ng donasyong ito ang mga grant sa mga non-profit at programa sa komunidad na may pampublikong layunin bilang suporta sa pamana ni Supervisor Chan.

Sa kanyang buong makulay na karera, isinulong ni Supervisor Chan ang mga bata at pamilyang may mababang kita, at noong 1996, siya ang kauna-unahang Asian American na naihalal sa Lupon ng Mga Tagapangasiwa ng Alameda County, matapos niyang makakumpleto ng termino sa Lupon ng Edukasyon sa Oakland. Naglingkod siya bilang ang kauna-unahang babaeng Lider ng Mayorya sa Asembleya ng Estado ng California mula 2000 hanggang 2006 kung saan siya ay sumulat ng mga makasaysayang batas at nagtaguyod ng mga pagsisikap sa paghahatid ng saklaw sa pangangalagang pangkalusugan para sa lahat, kasama ang pagsusulong ng batas na naghatid ng abot-kayang insurance sa kalusugan sa 800,000 batang walang insurance sa California.

Si Supervisor Chan ay naglingkod sa Lupon ng Mga Gobernador ng Alliance mula 2011 at nakipagtulungan sa Alliance sa mga pagsisikap na nagpaliit sa mga pagkakaiba-iba sa kalusugan at nagpaganda sa kalidad ng buhay ng mga miyembro ng Alliance. Noong Enero 2014, inilunsad ni Supervisor Chan ang All IN Alameda County, na isang inisyatiba para sa maraming sektor na tumugon sa mga isyu ng kahirapan, kawalan ng seguridad sa pagkain, at tumiyak na patas at tuluy-tuloy na nasusubaybayan ang kalusugan at kapakanan ng mga bata, teenager, at pamilya. Nagtaguyod siya ng mga inisyatiba gaya ng Recipe4Health, na isang programang inilunsad sa Alliance at tumutugon sa kawalan ng seguridad sa pagkain at gumagamit ng, umiiwas sa, at nagre-reverse ng pabalik-balik na sakit sa ating mga miyembro.

“Isang karangalang makatrabaho si Supervisor Chan sa nakalipas na dekada sa Lupon ng Mga Gobernador ng Alliance,” saad ni CEO Scott Coffin. “Isa siyang inspirasyon at isinulong niya ang mga bata, nakatatanda, at mga miyembro ng ating komunidad na hindi sapat na napagseserbisuhan. Kikilalanin ng Alliance ang kanyang pamana sa pamamagitan ng patuloy na pagsusulong ng mga inisyatiba at pagsisikap na nagpapabuti sa kalusugan at kapakanan ng ating mga miyembro at ng buong komunidad.”

Patuloy na aalalahanin ng Alliance ang pamilya ni Supervisor Chan, at patuloy itong mag-iisip ng mga paraan para mabigyang-pugay ang pamana ng ating kasamahan at mahal na kaibigan. Para matuto pa o mag-donate sa Legacy ni Supervisor Wilma Chan, bumisita sa www.acgov.org/government/news/wilma-chan-legacy-fund.htm.

Tungkol sa Alameda Alliance for Health

Ang Alameda Alliance for Health (Alliance) ay isang lokal na pampublikong not-for-profit na plano sa pinapamahalaang pangangalagang pangkalusugan na naglalayong maghatid sa mga residente ng Alameda County ng mga accessible at abot-kayang mataas na kalidad na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Itinatag noong 1996, ang Alliance ay ginawa ng at para sa mga residente ng Alameda County. Sinasalaming ng Lupon ng Mga Gobernador ng Alliance, namumunong staff, at network ng provider ang pagkakaiba ng kultura at wika sa county. Nagbibigay ang Alliance ng saklaw sa pangangalagang pangkalusugan sa mahigit 294,000 bata at nasa hustong gulang na may mababang kita sa pamamagitan ng mga programa ng Medi-Cal at Alliance Group Care na accredited ng Pambansang Komite sa Pagtiyak ng Kalidad (National Committee for Quality Assurance, NCQA).